# 1

“Sigurado ka bang safe iyan, hija?” tanong ng kunsintidor na yaya ni Summer na si Letty.

“Ako pa,” puno ng kumpiyansang sagot ng beinte-tres años na dalaga. “Sumakay ka na, Yaya, at nang ma-testing na natin.”

Alanganing sumunod ito sa kanya at binuksan ang pinto sa passenger side ng bagong assembled pick-up niya na walang bubong. It was painted baby pink—her favorite color.

Summer finished a degree in Auto Mechanic at a technical university in Texas, U.S.A. Isa sa gustung-gusto niyang gawin ay ang mag-design at mag-assemble ng mga sasakyan. Ang pick-up nga ang bago niyang imbensyon.

“What are you waiting for? Sakay na,” aniya nang makaupo sa driver seat at si Letty ay nanatiling nakatayo lang sa tapat ng bukas na pinto.

“Kinakabahan ako. Kung huwag mo na lang kaya munang i-testing ‘yan ngayon? Bukas na lang para si Abel na ang magsubok,” tukoy nito sa matandang driver nila.

"'Asaan naman ang thrill d'on kung manonood lang ako, di ba, Yaya?"

"Summer, mapapagalitan tayo kapag nalaman ng lolo mo ang tungkol dito." Isinara na nito ang pinto ng sasakyan.

"Kung malalaman niya. Sige, kung natatakot kang sumama, ako na lang mag-isa." She chuckled. Aware siyang hindi kasing-lakas ng loob niya ang kasambahay kaya hindi na niya ito pinilit. "Mag-iikot muna ako, Yaya. I'll be back in half an hour." Mabilis niyang pinasibad ang sasakyan.

Alas diez na noon ng gabi at wala na halos sasakyan kaya minabuti ni Summer na pabilisin ang pagmamaneho. It never ceased to give her adrenaline rush.

"Woohoo!" sigaw niya habang sinasalubong ng mukha niya ang malakas na hangin at tinatangay niyon ang mahabang buhok niya.

Growing up, iniidolo niya ang pinsang si Terence. Isa itong professional race car driver. She wanted to be like him, pero hindi siya pinayagan ng kanyang mga magulang at abuelo. Ngunit walang nagawa ang mga ito nang malamang Auto Mechanic ang kinuha niyang kurso sa halip na Business Management na

siyang gusto ng mga ito.

Hindi niya alam kung dapat ba niyang ikatuwa na apo siya ng isa sa pinagkakapitagang senador na si Alejandro del Cielo at anak ng isang matagumpay na negosyante sa Amerika, si Gerardo del Cielo. Solong anak lamang siya ngunit hindi siya isang napaka-fragile na dalaga. At lalong hindi siya lampa para mangailangan ng pangangalaga ng kanyang pamilya o kung sinuman sa mga kasambahay nila. Kaya niyang dalhin ang kanyang sarili.

At maano ba kung hindi siya mahilig sa negosyo at pulitika, sa halip ay nasa mga bagay na unconventional para sa isang dalaga ang interes niya?

“STOP THIS CAR, Hershey, for God’s sake!” sigaw ni Taviel, naglabasan ang ugat sa leeg.

“Relax, Kuya. Marunong akong mag-drive,” bale-walang sagot ng kanyang ‘evil’ half-sister.

“Oras na makawala ako dito, humanda ka talaga. Mata mo lang ang walang latay!” gigil niyang asik habang pilit ginagalaw ang mga kamay na nakatali ng makapal na lubid.

Tumawa lang ang dalawampu't dalawang taong gulang na dalaga. Palibhasa alam nitong hindi niya magagawa ang ibinabanta. Dahil silang dalawa na lang ang natitirang magkapamilya, he loved his sister immensely. Gusto niya tuloy magwala sa inis. Nais din niyang isumpa lahat ng inuming may alkohol sa mundo. Hindi siya makapaniwalang nagawa siyang lansihin ng kapatid dahil lamang sa isang kopitang alak na pinainom nito sa kanya.

"I swear, you'll thank me later for this," anito.

Lalong nagsalubong ang mga kilay niya. Parang professional kidnapper kung umasta ito.

Nag-aayos si Taviel para sunduin ang nobyang si Venice nang dumating si Hershey sa pad niya. Inalok siya nito ng isang kopita ng alak para raw hindi siya masyadong nerbyusin. Tinawanan niya iyon dahil hindi naman talaga siya kinakabahan. Pormalidad na lang ang gagawin niyang pagpo-propose sa nobya ngayong gabi. At alam na alam niyang hindi nito ire-reject ang marriage proposal niya. Gayunpaman, tinanggap niya ang inuming inalok ng kapatid. Wala siyang kahina-hinala na may pinaplano ito.

Hindi na niya alam kung ano ang sumunod na nangyari. Nagising na lang siya na nakatali ang mga kamay at sakay sa passenger seat ng kotse ni

Hershey.

“Hershey, please. Ihinto mo ang kotse at hayaan mong ako ang magmaneho. I need to see Venice.” Alam niyang naghihintay na sa kanya sa bahay nito ang kawawa niyang nobya. Kinakabahan din siya na mahuli sila ng pulis dahil sa overspeeding. Or worse, mabangga sila.

“You’re not going there!” tungayaw nito.

“Pero naghihintay si Venice—”

“To hell with that slut!” Hindi na siya nagulat sa term na itinawag nito kay Venice. Alam niya ang disgusto nito para sa kanyang nobya. “Sinabi ko na sa ’yong lolokohin ka lang niya, pero ayaw mong maniwala. That b*tch and her mother have an evil plan against you. Narinig ko mismo!”

Taviel closed his eyes. Halu-halong emosyon ang gumugulo sa kanya ngayon. Isama pa ang hilo dahil sa kung anong gamot na inihalo ni Hershey sa alak na ininom niya. Ngunit pinilit niyang paliwanagin ang isip. Kailangan niyang mabalikan si Venice, or at least call her.

He tried getting his wrists out of the thick rope that his half-sister had used to tie him. Nang hindi umubra, kinagat na niya iyon.

Napansin niyang bahagya siyang nilingon ni Hershey.

"Dammit, don't you dare laugh at me!" gigil na sigaw niya. Nagagalit siya sa sarili dahil ini-spoil niya ang kapatid sa maraming taon. Kung alam lang niya na siya rin pala ang mabibiktima ng kapritso nito, hindi niya sana ginawa iyon.

Tila hindi naapektuhan si Hershey ng galit niya. "I'm sorry, Kuya. But I had to do this kasi ayaw mong maniwala sa akin. I was only trying to help you. Ayoko lang masaktan ka ng walang-kuwentang babaeng iyon!"

He sighed and tried to be calmer. "Hershey, please pull over. Let me drive. This is a very important night for me. I'm proposing—"

"Over my dead body! I'm not going to have that wench for a sister-in-law!"

Nilingon siya nito kung kaya hindi nito napansin ang rumaragasang pick-up na papasalubong sa kanila. Nanlaki ang mga mata niya.

"Hershey!" he shouted.

NAPASUBSOB SI SUMMER sa manibela sa

lakas ng impact ng paghinto ng pickup. Magaling nga siguro siyang driver dahil nagawa niyang iiwas ang sasakyan sa kotseng kasalubong. Pero tumama ang gilid nito sa poste ng kuryente sa isang panig ng daan.

Makirot ang noo niya at nanlalabo ang paningin. Pumikit siya nang mariin. Nakaulinig siya ng mga tinig.

"F*ck! This is all your fault," sabi ng isang boses-lalaki. "Kalagan mo ako, dali!"

And then, she surrendered to the force pulling her to sleep.

NAIIRITA NA si Taviel sa pag-iyak ni Hershey habang tinutulungan siya nitong tanggalin ang pagkakatali sa kanya.

"Puwede bang pakitikom iyang bibig mo?" asik niya.

"I… I'm so sorry. Hindi ko sinasadya." Patuloy ito sa pagnguyngoy at unti-unting nalusaw ang inis niya.

He sighed; pinilit kontrolin ang galit. Kung hindi lang niya ito mahal na mahal, baka kung anu-anong

masasakit na salita na ang nasabi niya. Dahil dito, hindi na nga matutuloy ang pagpo-propose niya sa girlfriend, may napahamak pa silang tao.

"Huwag ka nang magalit, please, Kuya," she pleaded.

Marahas siyang nagbuga ng hininga. "We'll talk later. Iyang pagtatanggal ng lubid ang atupagin mo."

Tumulo ang luha nito. At kahit gusto na niya itong yakapin at aluin ay pinigilan niya ang sarili.

Nang makawala sa lubid, mabilis na bumaba siya ng kotse at nilapitan ang pick-up. Napamura siya nang makitang babae ang driver niyon at nakayukyok sa manibela. Nagpapasalamat siya at hindi nayupi ang bahagi nito, kung hindi ay malamang na naipit ang babae at hindi na nila aabutang buhay o baka maputulan ito ng hita.

Akmang bubuhatin niya ito upang ilabas sa sasakyan nang bigla siyang natigilan nang mapagmasdan ang mukha ng babae.

"Summer…" He did not realize that his thoughts came out of his mouth. Sunud-sunod ang malalakas na kabog ng dibdib niya. Lalo pang bumilis ang kilos niya. Pinangko niya ang dalaga palabas ng pick-up at isinakay sa kotseng dala.

Ni hindi niya napansin ang tanong ni Hershey. "You know her?"

"Doon kayo sa backseat. Ikandong mo ang ulo niya," sa halip ay tugon niya.

Tila habol sila ng demonyo sa bilis ng pagmamaneho ni Taviel. In no time, they reached the nearest hospital. Magdamag na binantayan niyang mag-isa si Summer dahil pinasundo niya si Hershey sa kanilang driver. Nang ianunsyo ng mga doktor na maayos na ang dalagang nakabanggaan nila, saka lang siya nakahinga nang maluwag. Tinawagan niya ang nobya at idinahilan ang aksidente kaya hindi natuloy ang date nila. Pinagbagsakan siya nito ng telepono, matapos sabihing, "I've had enough. Ayoko na! Sawa na ako sa ganito!"

Alam niyang pakikipag-break na ang ibig sabihin niyon pero kakatwang hindi siya nabahala roon. Siguro dahil okupado ng ibang bagay ang isip niya at iyon ay pag-aalala para sa apo ng kanyang kaibigan.

Naupo siya sa tabi ng kama ng nahihimbing na dalaga at pinagsawa ang mga mata sa kagandahan nito. Dati sa larawan at sa malayo lang niya panakaw na napagmamasdan ang mukhang iyon, pero ngayon… he must have done something good

to deserve this privilege.

Napangiti si Taviel nang bahagya bago may naalalang tawagan sa telepono.

MALIBAN sa nanghihinang mga kalamnan at makirot na ulo, walang maramdamang kakaiba si Summer. Pero kahit nakapikit, nakilala niya ang tinig ng kanyang abuelo sa loob ng silid na iyon.

"Sumosobra na talaga ang batang iyan," galit na hayag nitong tila may kausap. "Dalawang buwan pa lang nandito mula nang dumating siya galing Amerika, puro perwisyo na ang idinudulot sa akin. Noong isang linggo lang, sa police station 'yan natulog dahil nadawit sa isang away sa bar. 'Tapos, hindi ko pinayagang sumali sa F-3 na iyon, iyon pala nagkakarera sa gabi!"

"Kanya po ba ang sasakyang ginamit niya?" tanong ng isang baritonong tinig ng lalaki.

Gusto na sanang idilat ni Summer ang mga mata para mabistahan kung ano ang hitsura ng may-ari niyon. His voice sounded so manly, so handsome. Pero mas importante para sa kanya na marinig ang iba pang pag-uusapan nito at ng lolo niya. Pinanatili niya ang pagkakapikit ng mga mata.

“Oo. In-assemble niya lang iyon. Iyan pa nga ang lalong ikinaiinis ko. Hindi sa minamaliit ko ang kakayahan niya bilang mekaniko, but Good Lord, inilalagay niya sa peligro ang sarili niyang buhay sa pagsakay-sakay sa mga iyon!”

“Calm down, Tito,” anang kausap nito.

Ipinikit pa niya nang husto ang mga mata. Sigurado na si Summer ngayon na galit na galit na ang lolo niya. Parang nakulili ang tainga niya sa lakas ng tinig nito. Tila nakikita niya sa isip ang magkasalubong nitong mga kilay, ang nanlilisik na mga mata at lumalaking butas ng ilong, plus ang naglalabasang mga ugat sa leeg nito. Mabuti na lang at malakas pa ang matanda kesa sa mga alaga nilang kalabaw sa farm. Kung naiba-iba siguro, baka inatake na ito sa puso sa dami ng problemang idinulot niya.

“Kasalanan lahat ito ni Gerardo,” ani Don Alejandro del Cielo. “Hindi ko malaman kung paanong pagpapalaki ang ginawa niya sa apo ko. Kababaeng tao ay sutil.”

“Bakit hindi n’yo na lang siya ibalik sa Amerika?” Kinabahan si Summer sa suhestyon na iyon ng lalaking may poging boses.

"Ah, hindi. Ako ang puputol ng sungay niya. Ako ang gagawa ng hindi nagawa ng ama niyang walang silbi. And you will help me, right, Taviel?"

Matagal bago sumagot ang lalaki. "Kung kaya ko po."

Lumala ang kaba ng dalaga sa tila babalang sinabi ni Lolo Alejandro. Ano ang maaaring gawin nito sa kanya? Parang gusto niyang manatili na lang na tulog. Hindi yata niya kakayaning harapin ang galit nito. Natatakot siyang baka ipasok na siya nito sa kumbento at puwersahin siyang magmadre, katulad ng parati nitong banta sa kanya.

Maghapon siyang nagtulug-tulugan. Kahit noong dumating si Yaya Letty at ang kaibigan niyang si Danni, hindi siya nagdilat. Alam niya kasing naroon lang ang kanyang lolo at nagbabantay sa loob ng kuwarto.

Nang magtanghali, hindi na niya matiis na hindi gumising. Nangangalay na kasi ang mga kalamnan niya at nananakit ang ulo sa pagpipilit na makatulog. Nakakapagod palang magtulug-tulugan!

Umungol si Summer bago idinilat ang mga mata. Ang nakakunot na mukha ng lolo niya ang unang nakita niya. Kung concerned man ito sa nangyaring

aksidente sa kanya ay hindi siya sigurado, dahil ang tanging bakas sa expression nito ay galit. Parang alam nitong walang naging pinsala sa kanya ang pagkakabangga ng sasakyan niya.

"Kumusta? Hindi pa durog ang mga buto mo. Puwede mong ulitin ang ginawa mo pagkalabas mo dito," sarkastikong bungad nito, mukhang galit talaga.

Alam ng dalaga na tila tape recorder na magtutuluy-tuloy ang mga sermon nito. Isang ideya ang pumasok sa isip niya para hindi siya nito mapagalitan.

"W-who are you?" Nilangkapan niya iyon ng kaunting acting. "W-where am I? S-sino ako?"

Lihim siyang nagdiwang nang mapatda ang matanda. Effective ang naisip niya!

"W-what do you mean?" Napakurap pa ito.

Idiniin ni Summer ang mga daliri sa sentido at nilukot ang mukha. "I don't remember anything!"

"*Dios mio*, ano ang nangyayari, apo?" Pinindot nito ang alarm sa gilid ng kama. Ipinagpatuloy naman niya ang pag-arte. Nag-iyak-iyakan siya, na lalong nakaapekto sa kanyang lolo. Lumapit ito at

niyakap siya.

Palihim siyang ngumiti. Nang pumasok ang nurse ay kaagad itong hinarap ni Lolo Alejandro.

"What's happening? Bakit hindi makaalala ang apo ko? Akala ko ba, hindi ganoong malakas ang pagtama niya sa manibela?"

Gusto niyang humalakhak nang malakas.

Summer underwent series of medical tests. Alam niyang aksaya lang iyon ng pera dahil wala talaga siyang sakit. Pero kailangan niyang magpanggap kung ayaw niyang magmadre. Masarap din sa pakiramdam ang pag-aalaga ng kanyang abuelo na ngayon lang niya muli naranasan.

"Kain nang kain, apo. Bukas ay lalabas ka na. Sa bahay ka na magpapagaling. Baka sakaling mas mapabilis ang pagbalik ng memorya mo doon," saad nito habang sinusubuan siya ng orange.

She was enjoying it. At sasamantalahin na niya ang pagkakataon dahil oras na malaman nito ang panloloko niya, mas malupit ang parusang matatanggap niya.

She did not realize her doom would come sooner than she expected.

# 2

Nagtagis ang mga bagang ni Don Alejandro habang inaalala ang naulinigan kanina. He accidentally heard Summer talking to a friend on a cellphone kaninang akma siyang papasok sa silid nito.

*"Puwede pala akong artista. Kung nandito ka, Danni, siguro mapapaniwala rin kitang may amnesia nga ako, gaya ni Lolo…"*

He couldn't believe his granddaughter was capable of such deceit. For the first time in his sixty-three years of living, he felt like a failure. Bakit nagkaganoon ang apo niya? Nagkamali ba sila ng pagpapalaki rito?

A sharp twang of pain came to his heart, as he stared at his granddaughter's angelic face. Kuhang-kuha nito ang features ng yumao niyang asawa. But their attitudes were poles apart. His late wife was sweet and loving while Summer was stubborn, daring and reckless. She was more like him when he was in his teens. Pero hindi niya alam kung kanino nito namana ang kakayahan nitong magsinungaling. Pati siya na sarili nitong lolo ay nagawa nitong lokohin.

Natigil ang pagmumuni-muni niya nang may kumatok sa pinto.

"Come in." Sinadya niyang hinaan ang tinig upang hindi magising ang apo.

Iniluwa ng pinto si Taviel. Ito ay apo ng yumao niyang kaibigan. Kasosyo niya rin ito sa pinakamalaking negosyo na hawak niya. Ito rin ang nakabanggaan ni Summer sa daan kaya ito ang nagbalita sa kanya ng pangyayari.

"How is she?" tanong nitong pabulong din.

Don Alejandro saw it when the young man's eyes stared at his granddaughter with a different expression on his face. Sa edad niya, matanda na siya para hindi iyon makilala. If his instinct was right, this 'something' that was occupying his mind could be one of the best decisions he would ever make. Iyon ay kung magtatagumpay ito.

"She's doing fine," the old man answered and then added, "Can we talk somewhere else?"

Saglit na natigilan ang lalaki. Kinabahan marahil ito sa seryoso niyang tono pero tumango ito. Sabay silang nagtungo sa café malapit sa hospital. Tamang-tama namang dumating si Yaya Letty. Ito muna ang nagbantay sa natutulog na pasyente.

When they were seated, Don Alejandro stared at the man across him. Taviel was not only handsome, he was also intelligent, responsible and tough. Just like him. Kung hahanap siya ng isang tao na alam niyang may kakayahang patinuin ang apo niya, iyon ay walang iba kundi ang lalaking kaharap niya ngayon.

Saglit na pumasok sa kanyang isip ang mga pagkakataon noon na nahuhuli niya itong nakatitig sa picture frame ni Summer na nakapatong sa mesa niya sa opisina. Noong minsan nga, pinuna niya pa iyon.

*"She's Summer, my son's only daughter. She's pretty, 'no?"*

*Pinigil niya ang pagngiti nang bahagyang mamula ang mukha ng binata."S-she looks familiar. I thought I knew her," alibi nito.*

*Hindi na niya sinabi na pang-kung ilang beses na niya itong nahuling nakatingin doon.*

That thought brought a smile on his lips. He cleared his throat. "Let's get down to business," simula niya bago ipinaliwanag ang kanyang plano.

"Seryoso ba kayo, Tito?" Ni hindi kumukurap si Taviel sa pagkakatitig sa matanda.

"Grave serious."

"B-but—"

"I know it's not an easy job. But I trust you, young man. I know you can do it."

"But, Tito—" Hindi alam ng binata kung paano ito tatanggihan. Paano ba niya ipapaliwanag ang sitwasyon niya? The old man's eyes were looking straight at him. He could see his great concern for his granddaughter.

"In return, you can ask for anything—"

"Tito, I'm not asking for any payment for this. Mas marami kang naitulong sa akin. Ano lang ba itong simpleng pabor kumpara sa mga iyon?" aniya.

"So payag ka na?" hopeful na tanong nito.

*Well, you didn't give me any other choice,* gustong ireklamo ni Taviel. Pero tumango na lang siya.

"Mamayang hapon ay idi-discharge na siya sa hospital. Ikaw na ang sumundo sa kanya. You can have a one-month holiday from *IDC*. That way makakapag-concentrate ka sa farm mo at kay Summer." Tumayo na si Don Alejandro bilang tanda na tapos na ang kanilang usapan.

NAIHAMPAS NI TAVIEL ang isang kamay sa mesa nang makitang nakalayo na ang abuelo ni Summer. Kung hindi lang malaki ang utang-na-loob niya sa matanda…

Pero napakalaking pagbabago sa buhay niya ang naidulot ni Don Alejandro sa kanya. Hindi dating maalwan ang buhay niya. Hindi niya nakilala ang kanyang ama, samantalang ang kanyang ina ay pumanaw noong limang taong gulang pa lamang siya. Ang kanyang matandang binatang tiyuhin na isang karpintero ang nagpalaki sa kanya. Noon, kailangan niyang mag-working student para makapag-aral. Wala na talaga siyang planong magkolehiyo dati dahil may-edad na ang tiyo niya at hindi na kayang magtrabaho. Ngunit naiba ang lahat nang makilala niya si Don Alejandro.

Naalala pa niya ang unang araw na magkita sila. Messenger siya noon nang makasabay niya ang don sa elevator sa building ng kompanya na dinalhan niya ng sulat. Hindi pa niya alam noon na mayaman pala ito.

Biglang huminto ang elevator at nakulong sila. Dalawa lang silang sakay noon. Sa loob ng tatlong oras na nakulong sila, nagkakuwentuhan sila at

nagkapalagayan ng loob.

*"Parang may kamukha ka. Ano nga'ng pangalan mo, hijo?" tanong ng matandang nagpakilala bilang Mang Andro. Ayon dito, clerk ito sa kompanyang iyon. Hindi naman siya naghinala na nagsisinungaling ito dahil simple lang itong manamit.*

*"Paul Taviel Irons po."*

*"Irons… May kakilala akong Irons. Taga-saan ang tatay mo?" usisa pa nito.*

*Saglit siyang hindi nakakibo. Hindi niya alam kung tama bang ilahad dito ang tunay niyang buhay. Mukha itong mabait pero estranghero pa rin ito. Sa huli, nagdesisyon siyang aminin ang totoo. "Hindi ko po siya kilala. Ang alam ko lang po ay 'Michael Irons' ang pangalan niya, half-American siya at nasa bansa nila."*

*Sandaling natigilan ang matanda. May sasabihin sana ito pero narinig nilang nabuksan na ng mga technicians ang elevator at makakalabas na rin sila sa wakas mula sa pagkakakulong sa chamber na iyon.*

*Bago sila naghiwalay, may dinukot si Mang Andro sa bulsa at iniabot sa kanya. "Kakilala ko ang head ng personnel department dito. Kung gusto mo ng mas maayos na trabaho, tawagan mo ako. Tutulungan*

*kita."*

*"Naku, marami pong salamat."*

Nag-apply nga siya sa *Ilovido del Cielo Realty and Development Corp*. At dahil likas na matalino at maabilidad, napasok siyang office staff. Naging sunud-sunod ang promotion niya dahil sa sipag at galing. Sinikap din niyang mag-aral ng kolehiyo sa gabi. Bago iyon, nalaman niyang ang Mang Andro na nakilala niya sa elevator ay ang mismong may-ari pala ng kompanyang iyon. Palibhasa, hindi pa nito pinapasok ang pulitika noon kaya hindi niya ito kilala.

Abut-abot ang pasasalamat niya rito. Naging malaking tulong ang kita niya dahil nakikipaglaban sa sakit sa baga ang kanyang tiyuhin noon.

Pero lalo siyang nagulat nang ipakilala siya ng don kay Shawn Irons—ang kanyang lolo. Noon nabuksan ang lihim ng pamilya nila. Mayaman ang kanyang ama at nang minsang mapadpad ito sa kanilang lugar, nagkaroon ito ng relasyon sa kanyang ina. Pero kinailangan nitong bumalik muli sa Amerika kaya nagpaalam ito sa kanyang ina na nobya nito noon. Subalit dumaan ang maraming taon, hindi na ito bumalik. Hindi rin alam ni Michael Irons na nabuo siya. Namatay umano ang ama niya

sa isang plane crash tatlong taon bago niya nakilala si Shawn.

Sa pagtatagpo nilang maglolo, tinulungan siya nitong ipagamot ang kanyang tiyuhin. Pero hindi rin nagtagal ang buhay ng Tiyo Eman niya. Namatay ito pagkaraan ng dalawang buwan mula nang makilala niya ang kanyang lolo.

Dinala si Taviel ng kanyang abuelo sa Amerika at doon niya itinuloy ang pag-aaral. Doon niya nalamang may kapatid pala siya sa ama—si Hershey. Mas bata ito sa kanya ng anim na taon. Ang ina nito ay kasamang namatay ng asawa at naulila na ang babae na walang ibang kapatid. Mula noon ay siya na ang nag-alaga rito. Four years ago, namayapa ang kanyang lolo dahil sa heart failure.

Sa loob ng mga taong nag-aaral siya at nag-masteral, patuloy ang komunikasyon nila ni Don Alejandro. Nang makatapos ng pag-aaral, inalok siya nitong maging junior partner nito sa negosyo. Nang pasukin nito ang pulitika, minabuti niyang umuwi sa Pilipinas upang siya ang mamahala sa negosyo nila habang naglilingkod ito sa bayan.

Taviel swore under his breath. Tunay na napakalaking biyaya na dumating si Don Alejandro sa buhay niya. Ano ang karapatan niyang tanggihan

ang maliit na pabor na hinihingi nito sa kanya ngayon? O maliit ba talaga iyon?

PAKIRAMDAM ni Summer, may nakatingin sa kanya. She slowly opened her eyes.

"Hello, Summer," bati ng lalaking sumalubong sa paningin niya. She recognized his handsome voice. Ito ang lalaking kausap ng lolo niya noong isang araw. And, goodness! His voice matched his appearance. Tall, dark and muscled. Piercing brown eyes, angular jaw, sensual lips… His bronze complexion added to the masculinity that seemed to emanate from his whole being. Pero bigla rin siyang sinakmal ng kaba. Something about him made her shiver. He exuded power and strength. His aura spelled danger in bold capital letters. Hindi niya ito kilala at silang dalawa lamang ang naroon sa silid na iyon.

Napabalikwas siya ng bangon, eyes wide open.

"Hold it." Isang hakbang lamang yata at nasa tabi na niya ito. Bahagyang tinulak nito ang mga balikat niya para muli siyang mapahiga. His fingers on her shoulders sent shivers down her spine. "Relax," he whispered. Ironically, his voice drew an

opposite reaction from her. His sweet breath fanned her face that she almost trembled.

“W-who are you? A-ano’ng ginagawa mo dito?” she asked breathlessly.

Tumaas ang isang sulok ng bibig ng lalaki. “So it’s true?” Hindi niya ito naintindihan. Kunot ng noo ang naging sagot niya. Kinabahan siya lalo; hindi siya nagpapanggap ngayon. Totoong hindi niya ito kilala. Sure, there was something in him that was familiar. But she could not place him.

“If I tell you I’m your fiancé, would you believe me?”

Uminit ang buong mukha ng dalaga. Parang natunaw ang puso niya nang titigan siya nito. Siguro kung nagkataong totoong amnesiac siya, baka naniniwala nga siya rito. He was so attractive that she would not wonder why she fell for him.

Tinaboy niya ang naisip na iyon. This man was indeed dangerous. Bakit siya nito papaniwalaing may relasyon sila gayung ang totoo ay ngayon lang sila nagkita?

“Hindi kita kilala,” ani Summer, hindi napansin ang conviction sa kanyang tinig.

Ikiniling nito ang ulo, arrogantly. "You sounded so sure. Parang gusto ko tuloy maniwala na may sakit ka nga, gaya ng sinabi ng lolo mo."

Bumuka ang bibig niya. There was sarcasm in his tone; his facial expression surly. This man was too much for her. He was confusing her mind and bewildering her emotions. "I… I don't know what you're talking about," nagawa niyang sabihin.

Matagal itong tumitig sa kanya bago nagkibit ng balikat. "Okay. If you want to play charade, fine with me."

Gusto sana niyang magreklamo. Totoong hindi niya ito nakikilala. Hindi siya nagpapanggap lang.

"Anyway, I came here to fetch you. Nasa isang importanteng board meeting si Lolo Alejandro at binilin niya na sa Caballería ka na tumuloy para mapabilis ang pagpapalakas mo."

Napakurap si Summer. "Excuse me, saan mo 'ko dadalhin?"

"Sa Caballería. My place."

Alam niyang 'chivalry' ang ibig sabihin niyon sa Spanish. Pero hindi pa niya naririnig ang lugar na iyon. "Bakit d-doon? Wala ba kaming bahay?"

Ngumiti ito nang nang-uuyam. “The clean air there will be very helpful to you para gumaling ka agad.”

Kinabahan na talaga siya. Sino ba ang taong ito? Ano ang balak nito sa kanya?

Kumunot ang noo nito. “You don’t have to be that scared of me, dahil wala naman akong gagawing masama sa ’yo.” Napapiksi siya sa halos pasinghal na pananalita nito. Aasikan niya sana ito pero napigil siya nang magsalita muli ang lalaki. “Kung kaya mong mag-ayos mag-isa, better do it now. Ise-settle ko lang muna ang bills.” Lumakad ito patungo sa pinto at lumabas ng hospital room niya.

Napasandal sa headboard si Summer. Sino ang lalaking iyon? At bakit ganoon ang sinasabi nito? At totoo bang kakilala ito ng lolo niya? Puwede ba niyang gawing batayan ang tinig nitong naringgan niyang kausap ng abuelo noong unang araw niya rito sa hospital?

Ipinikit niya ang mga mata. Iyon na yata ang karma niya.

Minadali niya ang pagbibihis. Kailangang makaalis siya sa silid na iyon bago pa bumalik muli ang lalaki. Binuksan niya ang pinto ng hospital room

at luminga-linga sa mahabang pasilyo. Saka lang siya lumabas nang walang mamataang tao. Dumaan siya sa likod na pinto ng hospital. Nang makarating sa kalsada, itinaas niya ang kamay upang tumawag ng taxi. Ilang minuto ang lumipas bago may huminto sa harap niya. Pasakay na siya nang may biglang humagip sa braso niya. Marahas na napalingon siya.

"Sorry, boss. Hindi siya sasakay," anang lalaking namulatan niya kanina. Ang driver ang kausap nito pero sa kanya nakatutok ang mga mata. Dumukot ito sa bulsa ng wallet at gamit ang isang kamay, kumuha ng bills at iniabot sa driver. Mabilis na tinanggap iyon ng taxi driver at pinalayo ang sasakyan.

"Ano ba!" galit na singhal niya habang pilit tinatanggal ang kamay nito sa kanyang braso.

"Where do you think you're going?" His voice was casual but his eyes spoke volumes. He looked like a predatory bird ready to feed on her. Umahon ang takot sa dibdib ng dalaga pero hindi niya iyon pinahalata.

"I'm going h-home! Now could you please l-leave me alone?" mataray niyang bulyaw. He was starting to get into her nerves.

Sa pagkagulat niya, tumawa ito nang malakas.

Umagaw iyon sa atensyon ng mga taong naroon sa daan. Kahit naiinis, hindi nakaligtas sa paningin niya ang humahangang mga mata ng mga babaeng napapatingin sa lalaki. She could not believe the man could be charming when he chose to.

But then again, a wolf could disguise as a meek sheep.

Matalim ang ginawa niyang pag-irap para pagtakpan ang pagkapahiya. Binawi ni Summer ang braso at lumakad palayo. Pero napasigaw siya nang pangkuhin siya ng walanghiyang lalaki.

“Put me down!” mahina pero mariing utos niya. “You, shameless, ignominious brute!”

He was chuckling habang bitbit siya patungo sa parking area. Naghiyawan at nagpalakpakan ang mga taong nakakita sa kanila. Hiyang-hiyang iniyuko ni Summer ang ulo at itinago ang mukha sa malapad na dibdib nito. Ang buwisit na lalaki ay tila hindi alintana na ginawa na silang pelikula ng mga tao. Pinigil niya ang emosyon. Ibinaba siya nito sa driver seat.

“Usod. Doon ka sa kabila,” utos nito.

Gigil na sinunod niya ang impertinenteng lalaki at nang makaupo ito sa tabi niya ay, “Sino ka bang

halimaw ka? Bakit hindi mo na lang ako hayaang umuwing mag-isa!" asik niya. He chuckled again. Tila hindi siya narinig na ini-start nito ang makina ng sasakyan. "What are you laughing at? Wala akong makitang nakakatawa!"

Nilingon siya nito, pigil ang ngiti sa labi. "You want me to leave you alone. Alam mo ba kung saan ka uuwi?"

Natigilan siya. What should she say? Dapat bang aminin niyang wala talaga siyang amnesia? Paano kung makarating iyon sa kanyang lolo?

"See?" Lumingon ito at ngumisi. Nag-red ang traffic light. Sinamantala nito iyon para pisilin ang baba niya. "Stop worrying, okay?"

Pumiksi si Summer pagkat damang-dama niya ang pagrarambulan ng mga daga sa kanyang dibdib dahil sa ginawa nito. "Paanong hindi ako magwo-worry, eh, hindi nga kita kilala!" angil niya.

"So you really can't remember anything?" pasarkastiko nitong tanong.

*Wala akong sakit, linsyak ka! Hindi talaga kita kilala!* gustung-gusto na niyang isigaw. "Ibalik mo na lang ako sa hospital. Hihintayin ko roon si Lolo."

Bahagyang nalukot ang mukha nito. "Didn't I tell you, he asked me to fetch you?"

"Malay ko kung nagsisinungaling ka," mahinang saad niya. "You could be a kidnapper for all I know."

Natawa ito. "Kidnapper? Ako?"

Hindi siya sumagot. Bakit, porque ba saksakan ito ng guwapo at ganoon kalakas ang appeal ay hindi na ito puwedeng maging kidnapper?

"Fine." Dinukot nito ang cellphone sa bulsa at iniabot sa kanya. "Ask him yourself."

WALANG-TIGIL ang pagbagsak ng luha ni Summer. Paulit-ulit na bumabalik sa isip niya ang sinabi ng abuelo sa kanya sa telepono.

*"Alam ko nang wala kang sakit."*

*"I'm sorry, Lo." Ang totoo, puwede pa rin siyang magmatigas at panindigan ang pagkakaroon ng amnesia pero hindi niya iyon nagawa. Siguro dahil brat man siya, hindi siya ganoon kasama para patuloy na lokohin ang matanda.*

*"Sinasabi ko na nga ba," anito, bakas ang matinding galit sa tinig. "Now explain why you did*

*this."*

*"Lo…" Hindi niya alam kung ano ang sasabihin.*

*"Binibigyan kita ng tsansa para magpaliwanag!" Tumaas ang tono nito. Halos nanginginig na siya sa takot. Hindi pa rin siya nakasagot. "Tumatakas ka dahil alam mong pagagalitan kita, ano?"*

*"Lolo…"*

*"What you just did made me angrier. Si Taviel na ang bahala sa 'yo mula ngayon." Alam niyang ang lalaking kasama niya ang tinutukoy nito.*

*"But, Lolo—"*

*"No buts. Pasensyahan na lang tayo." Iyon lang at marahas na tinapos nito ang usapan nila.*

Muli siyang napahagulhol. Hindi niya namalayang huminto na ang sasakyan sa gilid ng daan. She was sobbing and trembling when she felt a hand pulled her head and rested it over a strong chest. She cried every bit of sorrow, remorse and helplessness in her heart. Iniyakap pa niya ang mga braso sa leeg ng lalaki at hinayaan itong haplusin ang kanyang buhok at idikit ang labi nito sa ulunan niya. Only to realize it was Taviel—that she was crying against the broad chest of this loathsome,

arrogant man!

"Get off me!" Marahas na inilayo niya ang sarili rito.

Sandaling tiningnan siya nito bago napailing. "Typical brat," narinig niyang bulong nito. Ini-start muli nito ang makina ng kotse.

Samantala, siniksik niya ang sarili sa sulok ng kinauupuan at tahimik na umiyak.

MABINING HAPLOS sa kanyang buhok ang gumising kay Summer. Mabagal na iminulat niya ang mga mata. Mabilis na bumaba ng chopper si Taviel at inalok ang kamay sa kanya.

Mula sa hospital, dinala siya nito sa isang malaking building sa Makati. Sumakay sila ng chopper mula sa helipad doon. Sa pagod sa kaiiyak, hindi nakaapekto sa dalaga ang ingay ng sasakyan, nakatulog siya habang sakay niyon.

"So?" nakataas ang isang sulok ng labi na basag ni Taviel sa katahimikang nakapagitan sa kanila. Hinihintay nitong tanggapin niya ang pag-alalay nito sa kanya. "Gusto mo bang buhatin uli kita?"

"Nasaan tayo?" she asked instead. Hindi niya

pinansin ang sarkastikong sinabi nito.

“Caballería.”

That never-heard place again! Saan bang panig ng Pilipinas iyon? Iniligid niya ang paningin sa paligid. Naroon sila sa gitna ng malawak na damuhan at may isang puting villa sa di-kalayuan. *So this is the eyrie. The predator bird’s territory*, naisip niya. On instinct, alam niyang maraming magagandang tanawin sa lugar na ito. At parang nangati ang mga paa niya na puntahan ang mga iyon ngayon pa lang.

“Gusto sana kitang gisingin kanina para makita mo ang top view ng lugar pero naawa naman ako sa ’yo.” Inirapan niya lang ito. “At hindi rin ako sigurado kung ma-a-appreciate ng city girl na katulad mo ang ganitong lugar.”

She noticed the sarcasm in his voice sa sinabi nito at nag-init ang ulo niya. Kaya imbis na pabulaanan iyon ay umayon siya rito. “Tama. Ngayon pa lang inaantok na ako rito. Wala bang disco pub dito, mall o parlor man lang?”

Sa halip na magalit, tumaas lang ang isang sulok ng bibig nito. “Huwag kang mag-alala, señorita. Hinding-hindi ka maiinip dito. Sa dami ng gagawin mong trabaho araw-araw, I doubt kung mabo-bore

ka."

Natigilan ang dalaga. "Ano'ng ibig mong sabihin? Magtatrabaho ako dito?"

Humalukipkip si Taviel at tiningnan siya nang mataman. A smile was tugging on his sensual lips. "You're not a visitor here, Summer. Neither will you be treated as a princess here."

Alam niya ang ibig sabihin niyon. Her eyes wandered, looking for a way out of that place.

"Sorry. There was no other way you'll be out of here but through flying or swimming," anitong tila nabasa ang iniisip niya. "Alam kong marunong kang magpalipad ng chopper, pero dadalhin na rin ito kaagad sa Maynila ngayon. Hindi ito babalik unless itawag ko."

Nanlisik ang mga mata niya. Kung magagawa lang sana niyang dukutin ang mga mata nitong nakatitig sa kanya at burahin ang nakakairitang ngiti nito sa labi, nagawa na niya.

"Beast," naibulong ng dalaga.

Natawa lang ito. Inabot ni Taviel ang braso niya at sa paraang mas tamang tawaging 'hatak' kaysa 'alalay', giniya siya nito patungo sa malaking villa.

The house was beautiful. Kung naiba ang sitwasyon niya, she would have loved to stay there for a vacation. Pero hindi raw bakasyunista ang magiging papel niya sa bahay na iyon kundi preso. Nagrebelde ang kalooban niya roon.

# 3

Bahagya pang nasilaw si Summer nang magdilat ng mga mata. Ayaw pa sana niyang bumangon pero sunud-sunod ang malalakas na katok sa pinto ng silid niya.

Nabigla siya nang makitang alas siete pa lang ng umaga. Mabigat ang katawan na tumayo siya mula sa kama. Mula kahapon pagdating nila ay nakatulog na siya. Ipinatong niya ang roba sa suot na pantulog bago binuksan ang pinto.

Natigilan siya nang makita ang naghihintay sa kanya sa labas ng silid. Ilang saglit ang lumipas na nakamata lang sila ng lalaki sa isa't isa. Kakikita lang niya ng mukhang iyon sa panaginip niya kanina. Iyon nga lang, nakangiti at malambing ang mga titig nito sa kanya sa panaginip, malayo sa nakakunot ang noo na anyo nito ngayon.

Nevertheless, Taviel looked sinfully sexy in his shirt and faded jeans. Tuwid itong nakatitig sa mga mata niya. He was a picture of a man sure of himself.

Bumalik ang mga mata niya sa mukha nito. She felt her cheeks grew hot when he smiled in

that arrogant but sexy, lopsided way. He must have noticed how she studied him. Again.

Umawang ang mga labi ni Summer para idepensa ang sarili pero walang salitang lumabas mula roon. Tila lumipad ang utak niya sa alapaap. Man, what a smile! Parang gusto niyang lumupasay sa panghihina ng tuhod.

She blinked. Why was she admiring this ruthless, villanous man's features?

"W-what?" she snapped.

There was a hovering smile on his lips. His piercing eyes were raking over her form at bigla siyang na-conscious sa kanyang anyo.

"I'll give you thirty minutes to eat and fix yourself. Ipapaakyat ko na lang ang almusal mo. Bilisan mo at marami tayong trabahong gagawin. Ayoko sa lahat iyong pinaghihintay ako," sabi nito.

Tumalikod ito at iniwan siya. Nag-iinit ang pisnging isinara niya ang pinto ng silid. Hindi niya tuloy naitanong kung anong 'trabaho' ang sinasabi nito.

Mabilis siyang kumilos. Nag-shower na siya habang wala pa ang kanyang almusal. Nang kumatok

ang kasambahay na bitbit ang tray, nakabihis na siya. Kumain muna siya bago bumaba. Simpleng pambahay ang suot niya. Baby tee na halos hindi umabot ang laylayan sa baywang ng low-waist maong shorts niya kaya sa kaunting kilos ay sumisilip ang maputi at flat niyang tiyan. Yet she felt like she was the most beautiful seductress with the way Taviel looked at her nang matanawan siya nitong pababa ng hagdanan. Tinaboy niya ang kilig na sumapuso at iniiwas ang mga mata sa lalaki.

"If I were you, I'll change into something less exposing," matabang na saad nito. Tumaas ang isang kilay niya. She clearly saw admiration in his eyes a while ago upon seeing her long smooth legs. "Sayang naman kasi ang mga binti mo kung madudumihan lang dahil sa paglilinis ng banyo."

Hindi rumehistro sa isip niya ang papuri nito. "Banyo?"

"Much as I wanted na pagpahingahin ka kahit isang araw man lang, hindi naman puwede dahil mahihirapan si Aling Tinay sa dami ng trabaho. May-edad na rin siya." There was that mocking glint in his eyes again.

"Ano'ng sinasabi mo?"

"Oh, sorry. Hindi pa ba nabanggit ng lolo mo? You'll be a hired help here… at ako ang amo mo."

Nanlaki ang mga mata ni Summer. Hindi niya nakayanan ang inis dahil sa pakiramdam na ininsulto siya nito. "Hired help!" di-makapaniwalang bulalas niya. "My grandfather owns a real estate developer, my father owns a furniture company and I, myself, have my own business… and you're telling me I'm going to be your hired help?" He only chuckled. "Ang kapal ng mukha nito! 'Tong ganda kong ito, gagawin lang muchacha." Pabulong lang iyon pero umabot yata sa pandinig ng binata kaya lalo itong nagtawa.

"Hindi ka naman nagyayabang niyan?" Pinipilit nitong supilin ang ngiti. And gosh, he looked so good! Pero teka, bakit ba pinapansin pa niya ang hitsura nito?

"Totoo naman, ah," inis na turan ni Summer kahit alam niyang pulang-pula na ang kanyang mukha noon. "I'm going to call Lolo at magpapasundo na ako ngayon din!"

Nagmartsa siya patungo sa silid para kunin ang cellphone.

Bahagyang sinisi niya ang sarili sa pagkalimot

na tawagan kaagad ang abuelo. Dapat nag-sorry na siya kahapon pa lang habang sakay ng kotse ni—ng bakulaw na iyon. Mahal siya ng lolo niya at kung tinangka niyang magpaliwanag, maiintindihan at patatawarin siya nito. Disin sana, hindi siya nakarating sa lugar na ito at nagmo-malling siya ngayon sa Maynila.

She looked at her cellphone. Walang signal. Lumapit siya sa bintana at inilabas ang kamay na may hawak na CP, wala pa rin. Bumaba siya at nagtungo sa labas ng bahay. Nang maraanan ang lalaking prenteng nakaupo sa sofa at nagbabasa ng diaryo, binigyan niya ito ng matalim na tingin. Pero wala pa ring signal. Kinakabahan na siya habang palakad-lakad sa halamanan sa pagtatangkang makakuha ng cellphone signal. Nang mabigo ay galit na bumalik siya sa kabahayan at namaywang sa harap ni Taviel.

"Saan may signal dito?" galit niyang tanong.

"Wala," walang-anumang sagot nito, nakatutok pa rin ang mga mata sa newspaper sa harapan nito.

Hindi siya sanay na binabale-wala. Marahas na hinalbot niya ang diaryong hawak nito at ibinaba iyon sa center table para masalubong ang mukha ni Taviel. Imbis na magalit, naaaliw pa ang binata. "Ituro mo sa akin kung paano ko makakausap si Lolo

ngayon din!"

"I'm sorry to tell you but there's really no other way," kalmadong sagot nito. Hindi na binanggit ni Taviel na mayroong signal sa kabayanan, at mayroon din itong radio communicator na maaaring gamitin ng dalaga. Malalagot ito kay Don Alejandro kapag pinagbigyan ang gusto ni Summer.

"No, you can't mean there's no other way! At paano ako? I'll be marooned here?" Hindi niya napansin na halos hysterical na siya. Her tears started to flow down her cheeks. She angrily brushed them with the back of her hand. "I want to talk to Lolo. I have to go home!"

He pulled her hand and she ended up sitting beside him. He held her shoulders. "Hey, calm down."

Pinalis niya ang mga kamay ni Taviel. "How can I calm down? No doubt, pinagplanuhan ninyo ito ni Lolo! Pinagtulungan ninyo ako!" Napahagulhol na siya. Hindi siya makapaniwalang kayang gawin ito ng abuelo sa kanya.

"Summer…" tila hirap na anas nito. He reached for her pero mabilis siyang umiwas. Dere-derecho niyang tinungo ang daan patungo sa silid niya. Ni hindi niya pinansin ang pagtawag ng binata sa

kanya.

She cried more when she reached her room. Aminado siyang may kasalanan siya. Niloko niya si Lolo Alejandro. Pero tama bang ganito ang maging parusa niya? Wala naman siyang napahamak na tao sa ginawa niyang pagpapanggap na amnesiac. It was unfair!

Nangibabaw ang pagiging likas na rebelde niya. Kung iniisip ng lolo niya na hahayaan niyang manipulahin siya ng mga ito, nagkakamali sila. Hindi niya balak na tanggapin na lang ang parusang ibinigay ng mga ito. Hindi iyon nararapat sa kanya! She would be Taviel's biggest headache. Tingnan niya lang kung mapagtiyagaan siya nitong maging katulong sa mga gagawin niya! Gagawa siya ng paraan para makatakas.

Tumayo siya at lumabas ng silid, determinadong tinungo ang kinaroroonan ng amo niya.

NABIGLA SI TAVIEL nang makitang pababa muli ng hagdanan si Summer. Derechong nakatingin sa kanya ang dalaga habang palapit. He almost smiled when she tilted up her chin. He knew she was only trying to look proud and tough. Pero muntik na

siyang mapasugod ng yakap dito nang mapansin ang mga basang pilikmata nito. Bahagyang namumula pa ang dulo ng ilong ng babae.

"Yes?" aniya matapos lihim na mapalunok. Ibinaba na niya ang hawak na newspaper.

"Anong trabaho ang gagawin ko?" tanong nito sa halatang pinatapang na tinig.

"Umuwi ng probinsya ang isa naming kasambahay. Si Aling Tinay naman—"

"So in short, I'll be a maid," nakataas-kilay na putol nito.

"Paminsan-minsan, patitingnan-tingnan ko rin sa 'yo ang mga halaman sa garden."

"So hardinera din ako. Ano pa?" Hindi nito napansin ang kislap ng amusement sa mga mata niya. "Marunong din akong magmekaniko at mag-electrician," sarkastikong dugtong nito.

Napangisi si Taviel. At ang expression ng mukha nito ay parang gusto na nitong ibato sa kanya ang naka-frame na painting na nakasabit sa dingding ng silid na iyon.

"Really? That's good news. Nasira kasi iyong air-con sa isang guest room." Bumuka ang bibig nito.

Hindi yata inaasahan na tototohanin niya ang sinabi nito. Nang akmang tatarayan siya nito, tumayo siya at humakbang patungo sa pinto. "I'll see you later. Ikaw muna'ng bahala rito sa bahay. Pakisabi kay Nanay Tinay, may lalakarin lang ako."

Pigil ang pagtawa na iniwan niya ito. Narinig pa niya ang huling sinabi ni Summer: "Darn!"